

Ang Bulwagang San La Salle: Pakikipanayam sa Apat na Dalubhasa nitong Sentenaryo ng Paglatag ng Cornerstone ng Nasabing Pamanang Estruktura ng Pamantasang De La Salle Maynila /

The Saint La Salle Hall: Interviews with Four Experts on the Occasion of the Centenary of the Cornerstone Laying of the Said Heritage Structure of the De La Salle University, Manila

Joshua Mariz B. Felicilda
De La Salle University, Philippines
joshua.felicilda@dlsu.edu.ph

Feorillo Petronilo A. Demeterio III
De La Salle University, Philippines
feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph

Ang Bulwagang San La Salle ay ang pinakamatanda at pinakatanyag na gusali sa Pamantasang De La Salle, Maynila, Pilipinas. Dinisenyo ito ni Tomas Mapua, inilatag ang cornerstone nito noong 1920, at pinasinayaan noong 1924. Ginawa ng mga may-akda ang papel na ito bilang kanilang alay sa sentenaryo ng pagkalatag ng nasabing cornerstone, at pati na sa paparating na sentenaryo ng pagpasinaya ng nasabing bulwagan. Apat na dalubhasa ang kinapanayam ng mga may-akda para maidokumento ang kasaysayan, kahalagahan, at kalagayan at direksiyon ng konserbasyon at restorasyon ng nasabing pamanang estruktura. Una ay si Doktor Jose Victor Jimenez, isang assistant professor sa kasaysayan ng Pamantasang De La Salle, na may marami nang pananaliksik at publikasyon na nagawa tungkol sa institusyunal na kasaysayan ng nasabing pamantasan. Ikalawa ay si Ginoong Josemari Calleja, ang kasalukuyang Associate Vice Chancellor for Campus Development ng Pamantasang De La Salle, na siyang nakatutok sa mga ginagawang konserbasyon at restorasyon ng nasabing bulwagan.

Ikatlo ay si Doktor Eric Zerrudo, ang direktor ng Center for Conservation of Cultural Property and Environment in the Tropics ng Graduate School ng Pamantasang Santo Tomas, na dalubhasa sa usapin ng konserbasyon at restorasyon ng mga pamanang estruktura sa bansang Pilipinas, at isang alumnus ng Pamantasang De La Salle. Ikaapat ay si Br. Manuel Pajarillo, FSC, dating miyembro ng Board of Trustees ng Pamantasang De La Salle, at kasalukuyang Vice Chancellor for Research ng De La Salle Lipa, at isang Lasallian Brother.

Mga Susing Salita: Bulwagang San La Salle, Pamanang Estruktura, Pamantasang De La Salle, Tomas Mapua, Konserbasyon, Restorasyon, Adaptive Reuse, Compatible Use

The Saint La Salle Hall is the oldest and most famous building of De La Salle University, Manila, Philippines. This was designed by Tomas Mapua, its cornerstone was laid in 1920, and it was inaugurated in 1924. The authors of this interview article embarked on this project as their way of honoring the centenary of the cornerstone laying of the said heritage structure, as well as the coming centenary of its inauguration. Four experts were interviewed by the authors in order to document the history, value, and status and direction of the conservation and restoration of the said heritage structure. First is Dr. Jose Victor Jimenez, an assistant professor of history at the De La Salle University, who has a number of researches and publications on the institutional history of De La Salle University. Second is Ms. Josemari Calleja, the current Associate Vice Chancellor for Campus Development of De La Salle University, and who is the one in charge of the ongoing conservation and restoration of the said hall. Third is Dr. Eric Zerrudo, the director of the Center for Conservation of Cultural Property and Environment in the Tropics of the Graduate School of the University of Santo Tomas, who is an expert on the conservation and restoration of heritage structures in the country, and an alumnus of De La Salle University. Fourth is Br. Manuel Pajarillo, FSC, who is a former member of the Board of Trustees of De La Salle University, the Vice Chancellor for Research of De La Salle Lipa, and a Lasallian Brother.

Keywords: Saint La Salle Hall, Heritage Structure, De La Salle University, Tomas Mapua, Conservation, Restoration, Adaptive Reuse, Compatible Use


PANIMULA

Ang Bulwagang San La Salle (Saint La Salle Hall), o mas kilala bilang “LS” o “LS Building” ng mga kasalukuyang Lasalliano, ay ang pinakamatanda at pinakatanyag na gusali sa Pamantasang De La Salle. Ipinakikita ng figure 1 ang tiyak na lokasyon nito sa loob ng main campus ng nasabing pamantasan na matatagpuan naman sa 2401 Taft Avenue, Malate, Lungsod ng Maynila. Nasa pagitan ng mga kalyeng Quirino at Ocampo ang kinatatayuan nito sa Taft Avenue.

Ang main campus ng Pamantasang De La Salle ay may lawak na mahigit kumulang 40,000 metro kuwadrado, at mga 7.50% nito ay inuukupahan ng

nasabing bulwagan na may ground floor area na mahigit kumulang 3,000 metro kuwadrado. Ipinakikita rin ng figure 1 na ang pangkalahatang floor plan ng nasabing bulwagan ay hugis letrang “H.” Ipinakikita naman ng figure 2 ang pangkalahatang anyo ng neoklasikong fachada ng nasabing bulwagan, na may haba na mahigit-kumulang 120 metro.

Ang gumawa ng disenyo ng Bulwagang San La Salle ay si Tomas Mapua (1888 – 1965), isang arkitekto, negosyante, politiko, at edukador, na kilala rin bilang tagapagtatag ng Mapua University, kapuwa-tagapagtatag ng Central Colleges of the Philippines, at kapuwa-tagapagtatag ng Philippine Institute of Architects. Nakamtan ni Mapua ang titulo bilang arkitekto sa Cornell University, New York, at siya



Pigura 1: Tiyak na Lokasyon ng Bulwagang San La Salle sa Loob ng Main Campus ng Pamantasang De La Salle



Pigura 2: Pangkalahatang Anyo ng Fachada ng Bulwagang San La Salle

ang naging kauna-unahang lisensiyadong arkitekto sa bansang Pilipinas. Ang paggawa ni Mapua sa disenyo ng Bulwagang San La Salle ay tugon niya sa isang patimpalak na inilunsad ng mga Lasallian Brother noong 1916 kung saan nasungkit niya ang halagang 5,000 piso.

Inilatag ang corner stone ng nasabing bulwagan noong 1920, at natapos ito noong 1924. Kung ihahambing sa Main Building ng Pamantasang Santo Tomas, na inumpisahang itayo noong 1924 at natapos noong 1927, mas matanda ng tatlo hanggang apat na taon ang Bulwagang San La Salle. Hanggang sa kasalukuyang panahon, lubusang ginagamit ang bulwagang ito bilang mga silid-aralan, opisina, kapilya, kantina, at iba pa. Mula noong 1988, natakpan ang neoklasikong fachada ng Bulwagang San La Salle ng isang estrukturang kilala bilang Konserbatoryong Marilen Gaerlan. Pero noong 2014, binaklas ang

nakaharang na estruktura at muling nakikita ng publiko ang kagandahan ng Bulwagang San La Salle.

Ang papel na ito ay ginawa ng mga may-akda bilang alay nila sa unang sentenaryo ng pagkalatag ng cornerstone ng Bulwagang San La Salle nitong 2020, at pati na sa paparating na sentenaryo ng pagpasinaya ng parehong bulwagan sa 2024. Apat na dalubhasa ang kinapanayam ng mga may-akda para maidokumento ang kasaysayan, halaga, at kalagayan at direksiyon ng pagkonserba at restorasyon sa pamanang estrukturang ito. Batay sa isang paghahanap ng mga scholarly na teksto gamit ang Google Scholar at mga susing salita na “Saint La Salle Hall” at “Saint La Salle Building,” noong ika-20 ng Hulyo 2020, walang natagpuang dokumento ang mga may-akda ng interview article na ito. Malaki ang tsansang ang interview article na ito ay ang kauna-unahang scholarly na publikasyon tungkol sa nasabing pamanang estruktura.

Ang unang pakikipanayam na itinala sa artikulong ito ay ang pakikipanayam kay Dr. Jose Victor Jimenez, isang assistant professor sa Kasaysayan ng Pamantasang De La Salle, na may marami nang pananaliksik at publikasyon na nagawa tungkol sa institusyunal na kasaysayan ng nasabing pamantasan. Ang ikalawang pakikipanayam na itinala sa artikulong ito ay ang pakikipanayam kay Ginoong Josemari Calleja, ang kasalukuyang Associate Vice Chancellor for Campus Development ng Pamantasang De La Salle, na siyang nakatutok sa mga ginagawang konserbasyon at restorasyon ng nasabing bulwagan. Ang ikatlong pakikipanayam na itinala sa artikulong ito ay ang pakikipanayam kay Dr. Eric Zerrudo, ang direktor ng Center for Conservation of Cultural Property and Environment in the Tropics ng Graduate School ng Pamantasang Santo Tomas, na dalubhasa sa usapin ng konserbasyon at restorasyon ng mga pamanang estruktura sa bansang Pilipinas, at isang alumnus ng Pamantasang De La Salle. Ang ikaapat na panayam naman ay kay Br. Manuel Pajarillo, FSC, dating miyembro ng Board of Trustees ng Pamantasang De La Salle, at isang Lasallian Brother na maaaring makapagbigay ng perspektiba mula sa relihiyosong orden na nagmamay-ari ng nasabing pamanang estruktura.

Matapos basahin ang mga kaugnay na sanaysay tungkol sa nasabing bulwagan at ilang prinsipyo sa konserbasyon at restorasyon, inihanda ng mga may-akda ang listahan ng mga inisyal na tanong para sa bawat isa sa apat na dalubhasa. Sa pamamagitan ng email, kinuha ng mga may-akda ang informed consent ng nasabing mga dalubhasa at itinakda ang mga petsa at lugar ng mga unang pakikipanayam. Sa mga araw ng aktuwal na pakikipanayam, gumamit ang pangunahing may-akda ng voice recorder at agaran niyang ginawa ang transkrip ng mga pakikipanayam. Masinsinang pinag-aralan ng mga may-akda ang transkrip para magawa ang mga follow-up question. Matapos maisagawa ang mga follow-up na pakikipanayam at editing, ayon sa tamang etika ng pananaliksik, ipinakita ng mga may-akda ang buong artikulo sa bawat isa sa apat na nakapanayam na dalubhasa. Wikang Filipino ang ginamit ng mga may-akda sa pakikipanayam sa apat na dalubhasa. Ngunit may nahahalang mga salita at pangungusap na nasa wikang Ingles sa maraming tugon ng apat na dalubhasa. Para mapanatili ang orihinal na kombersasyunal na tunog ng pakikipanayam, minabuti ng mga may-akda ng hayaan

na lamang sa transkrip ang mga banyagang salita at pangungusap na ito. Ang figure 1 at 2 ay mga orihinal na guhit ng pangalawang may-akda.

Pakikipanayam kay Dr. Jose Victor Torres

Si Dr. Jimenez ay nakapagturo na ng kasaysayan sa Pamantasang De La Salle ng mahigit tatlong dekada. Nagtapos siya ng Batsilyer sa Sining sa Kasaysayan sa parehong pamantasan, at Masterado sa Sining sa Kasaysayan at Doktorado sa Pilosopiya sa Kasaysayan sa Pamantasang Santo Tomas. Siya ay kasapi ng Philippine National Historical Society, Manila Studies Association, Philippine Historical Association, at American Studies Association of the Philippines. Kinapanayam ng pangunahing may-akda (JMBF) si Dr. Jimenez (JVJ) noong ika-17 ng Disyembre 2019, sa pamamagitan ng email. Nakatuon ang pakikipanayam na ito sa kasaysayan at historikal na halaga ng Bulwagang San La Salle, kalakip na ang mga detalye sa pagkadiseno at pagtayo ng nasabing bulwagan, at ang halaga ng patuloy na pagkonserbano nito. Sinundan pa ito ng isang pakikipanayam noong ika-29 ng Pebrero 2020, sa pamamagitan pa rin ng email; at pangatlo pang pakikipanayam noong ika-10 ng Marso 2020, sa pamamagitan pa rin ng email.

JMBF: Bakit po itinayo ng mga Lasallian Brother ang Bulwagang San La Salle sa Malate?

JVJ: Ito ay dahil sa kakulangan ng espasyo para sa lumalaking bilang ng mga mag-aaral na nagsipasok sa De La Salle College sa naunang kinatatayuan nito sa Kalye Nozaleda, Paco, Maynila. Minarapat ng mga Christian Brother, o mga Lasallian Brother, na maghanap ng mas malawak na lupain kung saan maaaring itayo ang panibagong campus.

JMBF: Gaano po ba katanyag at kahusay si Tomas Mapua bilang arkitekto?

JVJ: Si Mapua ay ang kauna-unahang rehistradong arkitekto sa ating bansa. Isa siya sa mga pensiyonadong ipinadala sa Estados Unidos sa larangan ng arkitektura. Alinsunod sa Batas Pensiyonado ng 1903, isa siyang iskolar na tinustusan ng pamahalaang kolonyal. Natamo niya ang titulong batsilyer sa arkitektura sa Cornell University noong 1911. Sa kaniyang pagbalik sa Pilipinas matapos ang pag-aaral sa Estados Unidos, tinupad niya ang kasunduan sa pamahalaang kolonyal na maglingkod sa mga proyektong

pangkonstruksiyon na ipinatupad ng gobyerno. Naglingkod siya, katuwang si Juan Arellano (1888 – 1960), isa ring tanyag na arkitekto, sa Bureau of Public Works bilang supervising architect.

JMBF: Ano pa po ang ibang mahalagang estruktura na dinisenyo ni Mapua?

JVJ: Naipamalas ni Mapua ang kaniyang kahusayan nang inialok na pangunahan ang mga proyekto ng pamahalaan tulad ng Philippine General Hospital, Manila Central Post Office, Psychopathic Building (National Mental Hospital), at School for the Deaf and Blind. Kinilala siya bilang isa sa mga pangunahing arkitekto sa bansa noong panahon bago sumiklab ang nkalawang Digmaang Pandaigdig.

JMBF: Bakit po neoklasiko ang kabuuang anyo ng disensyo ni Mapua para sa Bulwagang San La Salle?

JVJ: Alam na nating isang nagwaging lahod ang disenyo ni Mapua sa isang paligsahang inilunsad ng mga Christian Brother para sa binabalak nila noong bagong gusali. Hindi natin alam kung ano ang mga tiyak na dahilan ng pagkapili sa naturang lahod, pati na ang criteria sa paligsahang iyon. Neoklasiko ang kabuuang disenyo ng Bulwagang San La Salle dahil nahasa si Mapua sa estilong neoklasiko dulot ng kaniyang pagsasanay sa Iskuwelang Beaux Arts ng Paris.

JMBF: Ano po ang pangunahing katangian o pamantayan ng Iskuwelang Beaux Arts?

JVJ: Ang arkitekturang isinusulong ng Iskuwelang Beaux Arts ay naimpluwensiyahan ng modelong klasikal na nagtatampok sa mga elementong Griyego-Romano. Naging bahagi si Mapua sa pagpapatupad ng plano ng Amerikanong arkitekto na si Daniel Burnham (1846 – 1912) para sa pagpapaunlad ng Lungsod ng Maynila. Si Burnham ay isa sa mga pangunahing Amerikanong tagapagsulong sa mga prinsipyo ng Iskuwelang Beaux Arts. Naging sikat sa Estados Unidos ang arkitektura ng Iskuwelang Beaux Arts noong mga taong 1885 hanggang 1925.

JMBF: Dahil si Mapua ay nasa Estados Unidos noong 1903 hanggang 1911, nasa bandang kalagitnaan po pala siya sa pag-iral ng arkitektural na estilong ito sa nasabing bansa. Pero may kaugnayan po ba ang neoklasisismo ng Bulwagang San La Salle sa neoklasisismong niyakap ni Thomas Jefferson (1743 – 1826) bilang pangulo ng Estados Unidos?

JVJ: Magkaiba ang neoklasisismo nina Mapua at Burnham sa neoklasisismong niyakap ni Jefferson. Tulad ng nabanggit ko na, ang neoklasisismo nina Mapua at Burnham ay nakabatay sa mga katangian at pamantayan ng Iskuwelang Beaux Arts sa Pransiya, habang ang neoklasisismo ni Jefferson ay nakabatay sa mga katangian at pamantayan ng neo-Palladianismo na halaw naman sa mga prinsipyong inilatag ng Italyanong arkitekto na si Andrea Palladio (1508 – 1580).

JMBF: Ano po pala ang pangunahing katangian at pamantayan ng neo-Palladianismo?

JVJ: Ang estilong neo-Palladianismo ay tumutukoy sa muling pagpapauso o panunumbalik ng estilong Palladian. Ang mga disenyo ni Palladio ay ibinatay sa arkitekturang Griyego at mga prinsipyo ng arkitekturang Romano na binalangkas ng arkitektong Romano na si Vitruvius, o Marcus Vitruvius Pollio (circa 80 – 70 BC-circa 15 BC). Si Palladio ay naging bantog sa kaniyang mga villa, palasyo at simbahan, na itinayo sa Republika ng Venezia noong panahon ng Renaissance. Sa pangkalahatan, ang gusaling Palladian ay kilala sa pagiging simetrikal. Nagtataglay ito ng tinatawag na “bintanang Palladian,” na tinagurian ding “bintanang Serliana” o “bintanang Venetian.” Itinatampok din ng gusali ang paggamit ng temple front. Ang neo-Palladianismo ay nanangan sa pamamaraang pinasimulan ni Palladio. Ang mga villa ay nag-aangkin ng mga magkakatulad na katangian. May isang central block na may magkaparehong pasibi sa magkabilang gilid. Ang disenyong interior ay balansiyado. Sa loob ng villa, isang bulwagan naman ang matutunghayan sa sentro.

JMBF: Bakit po karaniwang iniisip ng nakararaming Pilipino na mas luma ang Main Building ng Pamantasang Santo Tomas kaysa Bulwagang San La Salle?

JVJ: Marahil dahil ito sa katotohanang naunang itinatag ang Pamantasang Santo Tomas bilang institusyon. Kaya nalilito siguro ang maraming Pilipino at inisip na ganoon din kaluma ang Main Building ng nasabing Pamantasan.

JMBF: Masasabi po ba natin na ang Bulwagang San La Salle ay ang pinakamatandang edukasyunal na estruktura dito sa Kalakhang Maynila?

JVJ: Ang Bulwagang San La Salle ay hindi maituturing na pinakamatandang edukasyunal na estruktura dito sa Kalakhang Maynila.

JMBF: Ano po itong mga mas lumang edukasyunal na gusali sa Kalakhang Maynila na nananatili pa ring nakatayo hanggang sa kasalukuyan?

JVJ: Napag-alaman ko na ang pinakalumang edukasyunal na gusali sa Kalakhang Maynila ay matatagpuan sa Philippine Normal University.

JMBF: Gaano po ba kahalaga ang Bulwagang San La Salle bilang pamanang estruktura kapag ito ay inihanay kasama ang ibang pamanang estruktura sa Kalakhang Maynila, at pati na sa bansa natin?

JVJ: Hindi matatawaran ang kahalagahan ng Bulwagang San La Salle. Kinikilala ang kahalagahang historikal, estetikal, at siyentipiko ng bulwagang ito. Ang kahalagahang historikal ng Bulwagang San La Salle ay nakasalalay sa mga makasaysayang pangyayaring naganap mismo sa naturang bulwagan at disenyong pang-arkitektura.

JMBF: Kung ganoon po, ano-ano itong mga makasaysayang pangyayari?

JVJ: Ang matutukoy ko na mga pangyayari ay yaong nauukol sa pagtugon ng mga Christian Brother sa pagpasok at paglaganap ng Protestantismo sa Pilipinas, at ang marahas at madugong labanan para sa pagpapalaya ng Maynila nang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Una, ang Bulwagang San La Salle ay kumakatawan sa masigasig na pagpupunyagi ng mga Christian Brother na ipagpatuloy at pag-ibayuhin ang pagtataguyod at pagbibigay sa mga kabataan ng de-kalidad na edukasyong Katoliko, na sinimulan noong 1911 nang maitatag ang De La Salle College. Sa pakiusap na rin ng Manila Archbishop Jeremiah James Harty (1853 – 1927), ang pagkakatatag ng institusyong ito ay tugon ng mga Christian Brother sa hamong dulot ng pagpasok at paglaganap ng Protestantismo sa Pilipinas na bunga ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas. Ang pagkakaloob ng edukasyong Katoliko para sa mga kabataan ay nakaugat sa tradisyong sinimulan ni San Juan Bautista de La Salle, ang patron ng mga guro, ilang dantaon na ang nakalilipas mula nang maitatag ang Institute of the Brothers of the Christian Schools. Ikalawa, ang labanan para sa pagpapalaya ng Maynila ay humantong sa walang habas na pagpatay ng mga puwersang Hapones noong ika-25 ng Pebrero 1945 sa 41 katao na kinabibilangan ng 16 na Christian Brother at 25 inosenteng sibilyang nagkanlong sa De La Salle College, dahil na rin sa *reinforced concrete* na gusali nito. Ikatlo, ang

neo-klasikong disenyong pang-arkitektura ng Bulwagang San La Salle ay kumakatawan sa namamayaning istilo ng kolonyal na arkitektura noong panahon ng Amerikano.

JMBF: May iba pa po bang mahahalagang historikal na pangyayaring naganap sa Bulwagang San La Salle?

JVJ: Mababanggit ang pagdalo nina pangulong Manuel Quezon at ng kaniyang kabiyak sa pagpapasinaya sa kapilya na matatagpuan sa ikalawang palapag ng Bulwagang San La Salle. Noong panahon ng Hapones, ang Bulwagang San La Salle ay nagsilbing himpilan ng Hapones at “refugee center” para sa ilang pamilyang nanganlong sa De La Salle College.

JMBF: Ano naman po ang estetikal na halaga ng nasabi pa ring bulwagan?

JVJ: Makikita ang kahalagahang estetikal sa disenyong pang-arkitektura. Matutunghayan sa harapan ng Bulwagang San La Salle ang *pediment*, *portico*, *cornice*, *architrave* at mga *Corinthian column* na nagpapalamuti sa gusali. Ang Bulwagang San La Salle ay kinikilala bilang natatanging estruktura sa Pilipinas na itinuturing na isa sa sanlibong obra-maestra sa larangan ng arkitektura sa buong mundo, ayon sa 2007 na aklat ni Mark Irving.

JMBF: Ano naman po ang siyentipikong halaga ng Bulwagang San La Salle?

JVJ: Dahil na rin sa paggamit ng reinforced concrete sa pagtatayo ng Bulwagang San La Salle, hindi matatawaran ang kahalagahang siyentipiko nito. Maaalalang nagkanlong ang 68 katao dito noong panahon ng pananakop ng Hapones bunsod na rin ng matibay na estruktura nito.

JMBF: May iba pa po ba kayong gustong sabihin?

JVJ: Sa palagay ko ay nasabi ko na ang mga gusto kong sabihin sa ngayon.

JMBF: Maraming Salamat po, Dr. Jimenez.

Pakikipanayam kay G. Josemaru Calleja

Si Ginoong Calleja ay nanungkulan na ng apat na taon bilang Associate Vice Chancellor for Campus Development sa Pamatansang De La Salle. Nagtapos siya ng Batsilyer sa Agham sa Biolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, at Masterado sa Agham sa Araling Pangkapaligiran at Pamamahala ng mga

Ecosystem sa Pamantasang De La Salle. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kanyang Doktorado sa Pilosopiya sa Araling Pangkaunlaran sa Pamantasang De La Salle. Nagkaroon siya ng mga pagsasanay tungkol sa *project management*, at *site planning*. Dati siyang nanungkulan sa Pamantasang De La Salle bilang Executive Assistant to the President, at Planning Director. Siya ay isa sa mga nagtatag sa Campus Sustainability Office ng parehong pamantasan. Siya ay kasapi ng Philippine Political Science Association. Kinapanayam ng pangunahing may-akda (JMBF) si Ginoong Calleja (JC) noong ika-18 ng Oktubre 2018, sa kaniyang tanggapan sa Bulwagang Yuchengco, Pamantasang De La Salle. Nakatuon ang pakikipanayam na ito sa usapin ng konserbasyon at renobasyon ng Bulwagang San La Salle. Sinundan pa ito ng isang pakikipanayam noong ika-10 ng Marso 2020, sa pamamagitan ng email; at ng pangatlo pang pakikipanayam noong ika-13 ng Marso, sa pamamagitan pa rin ng email.

JMBF: Kailan po nag-umpisa ang inyong *involvement* sa pamanang estruktura na Bulwagang San La Salle?

JC: Nabuo ang opisina ng campus development noong taong 2015. Simula noon, napasama na sa aming programa ang pagpapatuloy sa mga trabaho diyan sa Bulwagang San La Salle.

JMBF: Maaari po ba ninyong ipaliwanag sa amin kung ano iyong *retrofitting* na ginawa sa nasabing pamanang estruktura?

JC: Ang ginawang retrofitting ay isang *structural retrofitting*, at nagtagal ito ng lampas isang taon. Iniisa-isa ang mga haligi ng gusali, dinikdik ang mga ito at binalot ng *carbon fibre*. Nagkaroon din ng ibang pang gawain, pero iyon ang pinakamahalaga pagdating sa structural retrofitting, at ang pinakamasinsin din na trabaho.

JMBF: Maaari po ba ninyong ikuwento kung paano natakpan ng Konserbatoryong Marilen Gaerlan ang Bulwagang San La Salle, at kung paano napagkasunduan ng pamunuan ng Pamantasang De La Salle na tibagin ang nasabing konserbatoryo?

JC: Wala pa ako sa Pamantasang De La Salle noong itinayo iyong Konserbatoryong Marilen Gaerlan. Pero naikuwento sa akin ng mga inhinyerong narito na na noong mga dekada 1980 at 1990 ay nangangailangan ng dagdag-espasyo kung saan makakapag-aral ang mga estudyante, at kung saan maigaganap ang mga importanteng selebrasyon ng

pamantasan. Kaya napagdesisyunan noon na itayo ang nasabing konserbatoryo.

JMBF: Bakit po tinibag ang nasabing konserbatoryo?

JC: Ang naabutan ko dito sa pamantasan ay ang pagkakaroon ng rebyu ng master plan para sa Manila Campus noong 2010. Iyon ay bilang paghahanda na rin sa noon ay binabalak pa lamang na Bulwagang Henry Sy, Sr. Mga eksperto ang namumuno sa rebyu na iyon, tulad nina Architect Augusto Villalon (1945 – 2018), Architect Leandro Locsin, Jr., at Architect Leon Mayo. Ang kanilang rebyu na ginawa ay nagbunga sa isang panibagong master plan na may kalakip na rekomendasyong ibalik sa dating anyo ang Bulwagang San La Salle.

JMBF: Ano po kaya ang dahilan sa rekomendasyong iyon?

JC: Noong panahon ng pagrebyu ng nasabing master plan, naisip ng pamunuan ng Pamantasan na maghandog ng makahulugang regalo sa bansa sa okasyon ng paggunita sa unang sentenaryo ng La Salle sa Pilipinas. Kasama sina Architect Villalon at Architect Mayo na mga kilalang conservation architect na batid ang halaga ng mga obra ni Mapua, minarapat ng grupo na masilayan muli ng buong bansa ang Bulwagang San La Salle.

JMBF: Ano po ang epekto ng pagtibag sa Konserbatoryong Marilen Gaerlan?

JC: Lumitaw iyong mukha ng building na masisilayan mula sa Taft Avenue. Bilang *enhancement*, ni-restore iyong orihinal na driveway, at naglagay rin ng mga modernong ilaw sa harap ng building. Kaya kung mapapansin natin, kapag mayroong mahahalagang selebrasyon o mahahalagang pangyayari sa mundo, minsan ay nag-iiba ang ilaw ng Bulwagang San La Salle. Halimbawa, kapag Independence Day iniilawan natin ng kulay bandila ng bansa ang nasabing bulwagan. Ibinalik din natin sa dating anyo ang South Gate ng ating pamantasan.

JMBF: Gaano po kalawak ang konserbasyong patuloy ninyong ginagawa sa nasabing pamanang estruktura?

JC: Nasa punto ang pamantasan sa paggawa ng mga alituntuning pangkonserbasyon upang masiguro na ang mga susunod pang pagsasaayos ng Bulwagang San La Salle ay naaayon sa malinaw na mga istandard.

JMBF: Ano po ang pinakamahirap na aspekto sa ganitong konserbasyon?

JC: Ginagamit palagi ang Bulwagang San La Salle, at hindi ganoon karami ang labis nating mga silid-aralan sa pamantasan. Kaya ang pinakamahirap ay ang paglalaan ng oras para sa konserbasyon o renobasyon. Pangalawa, natural, ay ang pagtatabi ng pera ng pamantasan para sa pag-aayos ng Bulwagang San La Salle.

JMBF: Ano-ano po ang mga kakaibang bagay o detalye na inyong natuklasan habang isinasagawa ninyo ang konserbasyon sa nasabing pamanang estruktura?

JC: Ang isang masasabi ko ay iyong *iron grillwork*. Maraming iron grillwork na natatakpan dati at muling lumutang nang isinaayos ang bulwagan. Sinaliksik pa nga namin ang mga kuwento ng mga iron grillwork na ito.

JMBF: Saan po partikular na matatagpuan ang mga iron grillwork na ito?

JC: Sa may Perico's Canteen, halimbawa. Iyong isinasarang pintuan dati. Noon kasi ay na-stuck na iyon doon sa loob. Tapos makikita mo ngayon ang monogram na "LSC," na ibig sabihin ay "La Salle College" pa.

JMBF: May iba pa po bang mahalagang iron grillwork?

JC: Iyong iron grillwork sa South Gate. Ang disenyo niyan ay isinunod sa disenyo sa orihinal na bakod ng eskuwelahan doon sa Kalye Nozaleda, Paco, Maynila. Replica iyan ng orihinal na gate ng Madrigal property kung saan nakatayo ang unang campus ng pamantasan noong 1911. Bilang regalo ng National Historical Commission of the Philippines, binigyan tayo ng kapisaso ng orihinal na gate na iyon. Iyon ang ginamit na kalahati ng gate doon sa tabi ng Bulwagang Velasco. Kung kakapain natin ang gate na iyan, malalaman mo kung aling side ang orihinal at aling side naman ang replica. Isang piraso lang kasi ang ibinigay sa atin ng National Historical Commission of the Philippines, kaya ipinagaya na lamang natin ang kabilang piraso. Tapos, ginaya natin ang design ng mga ito doon naman sa South Gate.

JMBF: May narinig po kaming kuwento tungkol sa isang underground na daluyan ng tubig na nadiskubre ng mga conservation worker sa ilalim ng Bulwagang San La Salle. Maaari po ba kayong magkuwento tungkol dito?

JC: Nang tinanggal namin ang ilang bahagi ng sahig, may napansin kaming daluyan ng tubig. Ang pundasyon ng gusali ay naaayon sa isang lugar na may malambot na lupa. Kung ating matatandaan, malawak ang baybayin ng Maynila at malambot ang lupa sa maraming parte ng Lungsod. Nang itinatayo ang Bulwagang La Salle, marahil ay minarapat nila na ito ang pinakamainam na disenyo batay sa mga katangian ng lupang kanilang pagtatayuan.

JMBF: Saan po patungo ang balak ninyong gagawing restorasyon sa nasabing pamanang estruktura? May benchmark po ba kayo para rito?

JC: Gusto nating i-restore ang buong gusali. Kagaya ng nasabi ko na, nasa punto tayo ng paggawa ng alituntuning pangkonserbasyon. Pagkatapos niyan ay gagawan namin ng programa, at doon natin makikita kung ilang taon pa ang kailangan natin upang mabuo ang restorasyon ng pamanang estrukturang ito. Sa ating ginagawang alituntunin ay kasama ang mga eksperto sa larangan ng konserbasyon, at ibabatay rin ang alituntuning ito sa mga standard ng ICOMOS o International Council on Monuments and Sites. **JMBF:** Sa palagay po ba ninyo ay na-appreciate ng mga Lasallian at ng mga Pilipino ang halaga ng Bulwagang San La Salle bilang isang pamanang estruktura?

JC: Oo naman. Napapansin ko na nakangiti sila kapag naghihintay ng sundo doon sa bagong lobby malapit sa South Gate. Ito din naman ang lumalabas sa mga konsultasyong ginawa ko kasama ang mga estudyante. Kamakailan, napasama ang Most Blessed Sacrament Chapel sa isang libro tungkol sa heritage sites ng Pilipinas.

JMBF: Maaari kaya nating maiugnay ang konserbasyon at restorasyon ng Bulwagang San La Salle, sa mga konserbasyon at restorasyon na ginagawa sa bandang sentro ng Lungsod ng Maynila?

JC: Masaya kami sa aming mga nakikitang proyekto na naglalayong buhayin ang mga mahalagang lugar sa Maynila tulod ng sa monumento ng Kartilya ng Katipunan, Jones Bridge, Rizal Memorial Complex, at Manila Metropolitan Theater. Maliban sa ikagaganda ng kapaligiran at ikauunlad ng turismo, ang mga proyektong ito, tulad ng konserbasyon ng Bulwagang La Salle, ay nagsisilbing mga hamon at inspirasyon sa lahat kung paano natin gagamitin at pahahalagahan ang yaman ng ating kasaysayan.

JMBF: May gusto pa po ba kayong sabihin?

JC: Ang konserbasyon ng Bulwagang La Salle ay isang pagpapakita ng pagpapahalaga ng ating Pamantasan. Pagpapahalaga para sa edukasyon, sa ating kasaysayan, para sa galing ng Pilipino, para sa malikhaing sining, at higit sa lahat, para sa mga buhay na nawala sa gusaling ito noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sana ay kapulutan ito ng mga maganda at makabuluhang kuwento at aral ng mga susunod na henerasyon, at makatulong sa kanilang pagninilay tungkol sa mga bagay na dapat nilang bigyang halaga sa buhay at bilang isang Pilipino.

JMBF: Maraming Salamat po, Ginoong Calleja.

Pakikipanayam kay Dr. Eric Zerrudo

Si Dr. Zerrudo ay isang associate professor sa Cultural Heritage Studies, at kasalukuyang direktor ng Center for Conservation of Cultural Property and Environment in the Tropics ng Graduate School ng Pamantasang Santo Tomas. Nagtapos siya ng Batsilyer sa Sining sa Ekonomiya sa Pamantasang De La Salle, Masterado sa Cultural Heritage Studies sa Deakin University, Australia, at Doktorado sa Development Studies sa Pamantasang Santo Tomas. Siya ay nagkaroon ng karagdagang pagsasanay sa kultura at representasyon sa Tokyo University, Japan, at sa konserbasyon at pamamahala ng mga makasaysayang gusali sa Lund University, Sweden. Siya ang pambansang coordinator ng Episcopal Commission for the Cultural Heritage of the Church ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines, at commissioner ng bansa sa World Heritage Convention ng UNESCO. Kinapanayam ng pangunahing may-akda (JMBF) si Dr. Zerrudo (EZ) noong ika-24 ng Enero 2020 sa kaniyang tanggapan sa Thomas Aquinas Research Center, Pamantasang Santo Tomas. Nakatuon ang pakikipanayam sa usapin ng konserbasyon, halaga, at kahulugan ng Bulwagang San La Salle bilang pamanang estruktura.

JMBF: Gaano po ba kahalaga ang Bulwagang San La Salle bilang pamanang estruktura kapag ito ay ihanap kasama ang ibang pamanang eskultura sa Kalakhang Maynila, at pati na sa bansa natin?

EZ: Una, titingnan ko ang form ng Bulwagang San La Salle, bilang main building ng

Pamantasang De La Salle. Tapos, iuugnay ko ito sa limang dimensiyon: historikal, *sensorial impact*, *functional*, *scientific*, at *authenticity*.

JMBF: Ano po ang historikal na dimensiyon ng porma ng Bulwagang San La Salle?

EZ: Titingnan ko diyan ang kahalagahan nito sa kasaysayan, pati ang *shared stories* at *narratives* nito. Halimbawa, itinayo ang bulwagang ito noong American period, tapos may ilang *layer* na ito ng *episode* na mahalaga sa kasaysayan. Kaya, mataas ang historikal na *significance* nito.

JMBF: Ano naman po ang sensorial impact ng porma ng nasabing bulwagan?

EZ: Ito iyong kung paano nagkaroon ng impact ang nasabing bulwagan sa ating *senses*.

Hindi lamang ito tungkol sa mga pisikal na *attribute*, kundi sa *totality* nito. Maganda ba ito? *Aesthetically strong* ba ito? Dapat mailahad natin kung anong arkitektural o estetikal na mga elemento ang makikita natin sa estruktura.

Halimbawa, kung American period ito naitayo at makikita naman natin na neoklasikal ito, ibig sabihin nito ay *representative* ang nasabing bulwagan sa neoklasikal na estilo na namamayani noong period na iyon. Kahit ang materyales ng nasabing bulwagan ay talagang representative rin sa American period technology at *construction*.

JMBF: Ano naman po ang functionality ng porma ng nasabing bulwagan?

EZ: Kung titingnan mo naman iyong functionality ng Bulwagang San La Salle, *well*, *ever since* naman talaga itinayo na ito bilang isang *educational institution*. *Continuously*, nag-i-endure ito bilang isang educational institution. *The mere fact* na nag-continue ito bilang isang educational institution, ay napakataas na ang functional significance nito. Kasi, kasama diyan kung ilan na ang mga *outstanding graduate* ang hinubog diyan, lalo na sa larangan ng negosyo at pananalapi. Malinaw na hindi lumihis ang bulwagan sa orihinal nitong mandato o gamit. Tinawid nito ang Digmaan, pati na ang Martial Law period, at *consistent* itong nagsilbi bilang isang educational institution.

JMBF: Ano naman po ang scientific dimension ng porma ng nasabing bulwagan?

EZ: Ang scientific significance ng isang pamanang estruktura ay tungkol sa *evidentiary factor* nito. Sa ngayon, hindi ko pa maisip ang scientific

dimension ng Bulwagang San La Salle para maging outstanding ito, dahil na rin sa hindi ko pa naman napapalalim ang aking pananaliksik tungkol sa mga naunang dimensiyon na nasabi ko na kaugnay sa parehong bulwagan. Pero dun pa lang sa mga naunang dimensiyon ay tiyak na tayo na mataas na ang halaga ng Bulwagang San La Salle. *If you proceed to the next dimension, one particular aspect to look on ay iyong rarity ng heritage structure.* May mga level kasi ang pag-a-assess ng isang *heritage structure*. Una titingnan ang form, tapos titingnan iyong ibang dimensiyon, at alamin ang mga *qualifier* ng mga ito. Itong mga *qualifier* kasi ang magsasabi kung *rare* ba o hindi ang isang estruktura.

JMBF: Ano naman po ang authenticity dimension ng porma ng nasabing bulwagan?

EZ: In terms of authenticity, *I believe* na mataas pa rin ang halaga ng Bulwagang San La Salle. Kasi, ang mga kongkretong bahagi nito ay iyon pa rin. *There had been some interventions done*, pero hindi naman talaga naging malaking intervention ang mga ito para sa *overall meaning* ng gusali. *In terms of use*, iyan pa rin naman. *In terms of location*, diyan pa rin naman ito. Ang nakikita ko lang na problema ay *unlike before* na iyan lang ang gusaling nariyan sa area na iyan, tapos malapad ang field noon, pero ngayon medyo *cramped* na ito. Kaya, may pagkakaiba na sa konteksto. Tapos, noong 1980s, nang nilagyan pa ng LRT diyan sa area, naiba rin ang vista ng gusali. *Nevertheless, in terms of authenticity*, mataas pa rin ang halaga ng Bulwagang San La Salle hanggang ngayon.

JMBF: Naipahiwatig po ba ng bulwagan ang halaga at kahulugan nito?

EZ: Kaya pa ba ng building na mag-relay ng mensahe o mag-provide ng *information about its history*? Makikita mo na malakas pa rin ang building. *It is in a very good condition*. Kaya pa nitong mag-relay ng message. *Essential* din talaga iyon sa mga heritage building, itong *ability to convey*. **JMBF:** Ano po ba ang partikular na mensahe na ipinahihawatig ng bulwagan?

EZ: May mga building talaga na *ruins* na lamang ang natitira. Ano pa ba ang mai-convey ng ruins? Wala nang *fabric*, e. Pero dito sa Bulwagang San La Salle, *intact* pa ang fabric. Kahit tumira na ang mga brother doon sa itaas ng gusali, o iba na ang mga opisinang nariyan, naiko-convey pa rin ng

gusali ang educational role at value nito. *You do not need to delve into it, you only need to look at it.* Makikita mo na talaga ang message.

JMBF: Maaari po ba ninyong ipaliwanag pa ang kahulugan ng Bulwagang San La Salle?

EZ: *Definitely, the building would have its place as a significant building, not just for De La Salle University as an institution, but also as part of the landscape of the City of Manila.* Kasi, *it is one of the very few existing structures of its era along Taft Avenue.* Ilan na lang ba ang mga gusaling ito sa area na iyan? *So, I think, this heritage structure should serve as a strong reminder* na dapat tumaas pa ang *drive to do conservation and protection for this kind of sites and buildings.* *Eventually*, tataas at tataas ang rarity value ng Bulwagang San La Salle. *The more* na *intact* ito, lalaki at lalaki ang value nito, *compared to the other buildings.* Halimbawa, kung ikukumpara mo ang bulwagang ito sa heritage building ng Philippine Normal University, siguro mas mataas ang *conservation factor* ng Bulwagang San La Salle. Ihahambing mo dito ang *budget*, ang *manpower*, at ang mga ginagawang *damage assessment*. Habang maraming heritage building ang ginigiba sa Malate area, pati na sa Ermita area, lalong tataas ang rarity value ng Bulwagang San La Salle.

JMBF: Paano po ninyo maihahambing ang Bulwagang San La Salle sa gusali ng Singapore Art Museum, na alam natin ay gusali dati ng Saint Joseph Institute na isa ring Lasalyanong edukasyunal na institusyon?

EZ: Para sa akin, lalabas na mas mataas ang value ng Bulwagang San La Salle. Dahil ito sa consistency nito sa pagsilbi ng orihinal nitong mandato. Iyong sa Singapore, *adaptive reuse* na ang nangyayari. Ibig sabihin, ang orihinal na function ng gusali ng Singapore Art Museum ay edukasyunal, pero ikinonvert ito bilang isang museo, so naging art gallery na ito. Gumawa sila ng mga bagong espasyo para tumugma ang lumang gusali sa bagong mandato nito na magsilbi bilang isang art gallery. Ito ang ibig sabihin ng *adaptive reuse*.

JMBF: Hindi po ba may mga pagbabago rin naman sa kung paano ginagamit ang mga espasyo sa loob ng Bulwagang San La Salle?

EZ: Tama 'yan. Pero ang nangyayari kasi sa Bulwagang San La Salle ay compatible use, at hindi *adaptive reuse*. Ang ibig sabihin ng compatible use

ay kaunting-kaunti lamang ang mga intervention na ginawa sa mga orihinal na espasyo. *I think it is very important to consider that part of the philosophy of conservation is that the less the intervention, the better.* Basta mataas ang *maintenance capacity* ng may-ari, o ng institusyon, maipapatuloy ang buhay ng isang gusali. *In both cases*, hindi ang mga ito humantong sa *obsolescence* at *dysfunctionality*. *These two buildings were able to persist.* Kaya lang itong sa Singapore ay adaptive reuse ang *mode of persisting*, habang itong Bulwagang San La Salle ay compatible use naman. Para sa akin, ang compatible use ang mas mataas na uri ng conservation. Kapag pumasok tayo sa Bulwagang San La Salle, parehong mga espasyo ang matatagpuan natin. Habang, kapag pumasok tayo sa Singapore Art Museum, manipulado na ang espasyo doon para tumugma ang mga ito sa bagong gamit ng gusali.

JMBF: Ano po pala ang pagkakaiba-iba sa konserbasyon, restorasyon, adaptive reuse, at compatible use?

EZ: Sa amin, sa Pamantasang Santo Tomas, ang pinakamalaking termino sa mga iyan ay ang konserbasyon. *The moment you exert effort to sustain the meaning, the value, and the significance of any object, place, site, expression, that is conservation.* Kapag may inayos kang mahalagang gamit sa bahay, at kapag iyong orihinal na detalye ay ibinalik mo, restoration na iyan. Kunyari, may bahay ka, tapos hindi mo na ginagamit ito, tapos ginawa mo itong mga classroom, iyan ang adaptive reuse. Pero mag-ingat tayo sa terminong adaptive reuse, kasi nariyan ang kalapit nitong terminong compatible use. Ang dalawang ito ay naipaliwanag ko na habang pinag-uusapan natin ang Bulwagang San La Salle at Singapore Art Museum.

JMBF: Ano-ano po kaya ang mga mahalagang prinsipyo ng konserbasyon at restorasyon na dapat ingatan, o isaisip palagi, ng mga tagapamahala ng konserbasyon at restorasyon sa Bulwagang San La Salle?

EZ: *In order to determine the significance, value and meaning, ng heritage structure, may mga panuntunan kung paano mapu-prove ang significance niyan. Pertaining to the architectural significance, does it hold up? Yes. Is it high in terms of educational significance? Yes. Is it high in terms of historical significance? Yes. Is it high in terms of landscape significance? Yes.* Lahat iyan mapu-

prove mo. Diyan mo tatanungin ngayon kung alin ang priority mo na ipi-preserve. Kasi, *the moment* na makapili ka na kung aling aspekto ang ipi-preserve mo, diyan mo hahatakin ang meaning, value, at significance ng konserbasyon.

JMBF: Maari po ba kayong magbigay ng halimbawa tungkol sa mga competing significance, value, at meaning ng isang pamanang estruktura?

EZ: For example, may building na may national significance, pero may iba naman na pang-metropolitan lamang ang significance, habang may iba pa na pang-barangay lamang ang significance. Kung alin ang may highest significance sa mga ito, doon tututok ang konserbasyon. Iyon ang pangangalagaan natin, dahil iyon ang gusto nating narrative na mai-preserve.

JMBF: Balikan po natin ang Bulwagang San La Salle.

EZ: Matingkad ang educational significance nito. Kaya sa konserbasyon dapat gagana pa rin ang educational functionality nito. Dapat malalim ang research na gagawin sa significance na ito. Ikokonekta ng research kay San Juan Bautista De La Salle, ikokonekta ito sa mission ng mga Lasallian Brother, pati na doon sa mga *first principle* nila sa pagtuturo, at iyong inkulturasyon ng mga banyagang brother sa Filipino culture. So doon sa research malalaman kung aling significance ang dapat dadalhin ng pamanang estruktura sa future. Hindi madaling mag-establish ng significance, *even more so*, hindi madaling gumawa ng *hierarchy* ng mga significance. *Some values might be overlooked in the process.*

JMBF: Hindi po kaya mag-o-overlap ang mga significance sa proseso ng konserbasyon?

EZ: Totoo iyan. Dapat sa research, mapatingkad at mailahad itong lahat na significance. *You might even reach a point* na magbabanggaan ang ibang significance. For example, mahalaga ang educational significance ng bulwagang iyan, pero malinaw na mahalaga rin ang architectural significance nito. Halimbawa, ganito ang *original architectural structure* ng gusali, ngunit kailangang magdagdag ng classroom. Hindi natin puwedeng sirain lang basta-basta ang orihinal na parte ng gusali. Remember, noong unang ginawa ang Bulwagang San La Salle, wala naman talaga iyang mga *aircon duct*, pati mga electrical niyan, kasi lusot-lusutan lang ang hangin diyan noon. Kaya

ganyan ang hugis ng estruktura, manipis sa gitna, parang letrang “H,” dahil kalkulado nila iyong *airiness* noong panahon na iyon. Samantalang ngayon, polluted na ang buong Taft Avenue. Kaya, nag-aircon na ang mga tao sa loob. *Very prudent* talaga kung paano dapat binabago o dinadagdagan ang orihinal na estruktura. Kailangang ipaliwanag at i-interpret nang husto ang mga signification at alin sa mga ito ang bibigyan ng priority.

JMBF: Ano po kaya ang pinakamahirap na aspekto sa pag-maintain ng isang pamanang estrukturang katulad ng Bulwagang San La Salle?

EZ: Ang maintenance kasi ay isang *fiscal discipline*. Kung talagang may budget ka, talagang mami-maintain mo iyan. Kung talagang may nag-a-allot ng pera, mami-maintain mo iyan. **JMBF:** Ano ang pinakamalaking banta na hinaharap ng isang pamanang estruktura?

EZ: Ang *biggest threat* sa conservation ng isang heritage building, anuman ang technology nito, anuman ang materyales nito, anuman ang structure nito, the moment na isa diyan sa administration ay hindi na ito gusto, o hindi na ito mahal, ipatitibag na iyang heritage building. *It is really the heart of the people who owns the heritage building that matters.* Kahit gaano kaganda ang lumang bahay, kapag sinabi ng may-ari na ayaw niya na ito, tibag na iyan. Nasa puso ng mga tao ang conservation. Kaya kung disiplinado ka at mahal mo ang bahay mo, lagi mo itong nililinis at inaalagaan. Iyan ang conservation. **JMBF:** Hindi po kaya modernisasyon ang kalaban ng mga heritage building?

EZ: *If people are always there* at mahal nila ang isang heritage building, kahit gaano pa kalawak ang modernisasyon at globalisasyong mangyayari, hindi matitibag ang building na 'yan. *If you think it is decontextualization*, kahit pa punuin mo ng matataas na building ang palibot ng Pamantasang De La Salle, kahit pa ano pang mangyayari diyan, kung mahal ng mga Lasallista ang Bulwagang San La Salle, patuloy na nariyan ang gusaling iyan. Kahit pa dadating ang malaking sakuna, mari-restore pa rin iyan ng mga Lasallian Brother. Pero, the moment na wala na sa mga Lasallian Brother ang may gusto sa building na iyan, kunyari mapuputol ang collective memory nila at may mga bagong Lasallian Brother na para sa kanila ay masyado nang luma ang Bulwagang San La Salle, madaling ipapa-bulldoze nila iyan.

JMBF: Ano po sa palagay ninyo ang taglay pa na potensiyal ng Bulwagang San La Salle bilang isang pamanang estruktura?

EZ: *For me, I am thankful* na naayos ito. Mas maayos ito ngayon kaysa noong mag-aaral pa lamang ako sa Pamantasang De La Salle. *It has become a landmark along the whole Taft Avenue.* Kakaunti na lamang ang natitira sa area na iyan na *well-maintained*. *The heritage building is a very strong image of the identity of De La Salle University.* Pati na iyong iba't ibang kulay ng lighting ng building, halimbawa blue noong nanalo ang Ateneo De Manila University sa basketball, ay magandang communication tool. Ginawaan ng Pamantasan ng communicational significance ang heritage building na iyan. **JMBF:** Ano pong landas ang dapat tahakin ng Bulwagang San La Salle?

EZ: Someday matatamo ng bulwagang iyan ang highest level of significance na hindi lang pala pang-Pamantasang De La Salle ang identity nito, kundi identity rin ng buong bansa. *Because of modernization at globalization*, sobrang standardized na ang mga gusali diyan sa area na iyan. Kaya darating ang araw na ang Bulwagang San La Salle na ang pinaka-iconic at original na gusali na matitira diyan. Ang bulwagan na iyan ang may highest authenticity at integrity sa area na iyan. Ilan nang mga lumang bahay at building sa area na iyan ang na-bulldoze na? Hili-hilera diyan ay na-bulldoze na, mula Vito Cruz Street hanggang Buendia Avenue .

JMBF: Sa palagay po ba ninyo ay na-appreciate ng mga Lasallista at ng mga Pilipino ang halaga ng Bulwagang San La Salle bilang isang pamanang estruktura?

EZ: Parang hindi. Siguro, *they will look at that building as a building of De La Salle University.* Pero *at the level of a heritage building of the Filipinos*, hindi pa nila napi-pickup iyan. *I think it is incumbent of De La Salle University* na gumawa pa ng research at information campaign para makilala at mai-register ang nasabing heritage building bilang *important cultural property* o hindi kaya bilang *national cultural treasure*. **JMBF:** Ano po ang mangyayari kapag maideklarang isang national cultural treasure ang Bulwagang San La Salle?

EZ: Kapag nangyari iyan, may *stake* na ang government diyan sa bulwagang iyan. Hindi na puwedeng basta na lamang kung anu-anong

pagbabago ang gagawin ng Pamantasang De La Salle. *It then becomes a shared responsibility.* Sasabihin ng pamahalaan na dahil idineclare namin na national cultural treasure ito, *the university will also have to take care of it in behalf of the Filipino people.*

JMBF: Dapat po bang ipursige ng Pamantasang De La Salle na maging isang national cultural treasure ang Bulwagang San La Salle?

EZ: *The mere fact* na kaya na rin naman ng university na i-conserve ang bulwagan, bakit pa ipapadeklara nito ang nasabing bulwagan bilang national cultural treasure? May civil engineering department naman ang pamantasan, may mga eksperto sila sa *techtonics*, at nariyan pa ang *disaster studies* ni Dr. Lessandro Garciano. Kayang-kaya ng university ang conservation ng Bulwagang San La Salle. Pero itong *potential title* ng bulwagan bilang national cultural treasure dapat pag-isipan din ng pamantasan. **JMBF:** May gusto pa po ba kayong sabihin?

EZ: *It is a very good exercise to look up at your buildings in a different light. Kasi that tells you if you would like to really find the meaning of that building. In so doing, it mirrors a reflection of the future intent that you would like for that building at paano siya ma-prolong. So the whole exercise hopefully, will not be confined to a method* na iyan lamang ang titingnan ninyo. *You should radically look at other methods that will surface, kung ano pa bang iba't ibang significance ang andiyan. Grasping the significance is about going very deep in research.* Kailangan talaga magsalpuhan ang lahat ng significance, kasi kung hindi, *later on you will realize* na talagang na-downplay yung isang aspect na actually nagko-contribute pa rin pala sa significance ng bulwagan. Dahil ngayong maging one hundred years na ang bulwagan, maganda itong ginawa ninyong study. Dapat magamit ito ng De La Salle community bilang input para sa isang high level heritage conservation. Iyon lang ang masasabi ko.

JMBF: Maraming Salamat po, Dr. Zerrudo.

Pakikipanayam kay Br. Manuel Pajarillo

Si Br. Manuel Pajarillo, FSC, ay ang Vice Chancellor for Research ng De La Salle Lipa, at kailan

lamang natapos ang kaniyang apat na taong pag-upo bilang kasapi ng Board of Trustees ng Pamantasang De La Salle. May apat na dekada na siyang nanilbihan bilang Lasallian Brother. Nagtapos siya ng Batsilyer sa Biolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman at Pamantasang De La Salle; Masterado sa Teolohiya at lisensiyado sa Teolohiya sa Catholic University of Leuven, Belgium; at Doktorado sa Teolohiya at Doktorado sa Pilosopiya sa Teolohiya, na nakatuon sa Sistematikong Teolohiya, sa parehong pamantasan sa Belgium. Malalim at malawak ang kaalaman at pagpapahalaga ni Br. Pajarillo sa siyensiya, kulturang Pilipino, at mga pamanang estruktura at kagamitan. Kinapanayam ng pangunahing may-akda (JMBF) si Br. Pajarillo sa pamamagitan ng email noong ika-15 ng Hulyo 2020. Nakatuon ang pakikipanayam na ito sa pananaw at pagpapahalaga ng mga La Sallian Brother sa Bulwagang San La Salle.

JMBF: Anong taon po ninyo unang nakita at nakilala ang Bulwagang San La Salle, at ano po ang naging impresyon ninyo sa nasabing bulwagan noong panahong iyon?

MP: Nagkamuwang ako noong ako ay apat o limang taong gulang na; taga-Malate kami, taga-Leon Guinto St. Tatlong lalaki kong kapatid ang nakatatanda sa akin, at lahat sila ay sa La Salle-Taft pumasok. Kaya pumasok ako ng Grade 1 sa De La Salle College noong June 1966. Malaki at maaliwalas ang Bulwagang San La Salle, ang lalapad ng pasilyo sa kanluran at sa silangan. Ang unang classroom ko ay nasa kanto ng South Wing, sa may elevator. Pagdungaw sa isang pasilyo, tanaw ang maganda at maaliwalas na *lawn*, dalawa yatang *pine tree* (Alocara) sa hilaga at sa timog, ang flagpole sa gitna nito, at ang malapad na Taft Avenue, na may mga puno sa sidewalk. Pagdungaw sa kabilang pasilyo, tanaw na ang Marian Quadrangle kung tawagin. Malaking garden at laruan sa mata ng isang bata. Ang mga pintuan ng maraming classroom ay gawa sa kahoy at capiz, kaya malamig talaga sa mata. Sa Grade School ang Central at South Wing, sa College ang North Wing. At tagusan ang sariwang hangin, buong araw. Hanggang grade 7 ako doon, na itinuring naming pangalawang tahanan ng pitong taon.

JMBF: May alam po ba kayo kung ano kaya ang naging dahilan kung bakit minarapat ng mga La

Salle Brother na kumpunihin at ayusin ang gusaling sinira ng Pangalawang Pandaigdigang Digmaan, sa halip na tibagin na lamang ito?

MP: Marahil ay mas mahal pa ang lumabas kung tinibag iyon. Napakatibay ng mga pundasyon ng gusaling 'yan. *Built to last until the second coming of Christ*, biro namin; *structurally sound*. Kaya masasabing *intact* ang *basic structure or frame* niyan. Gasino na lang iyong patsehan at masilyahin ang mga butas na ginawa ng mga bala at *mortar fire*. Gano'n siguro ang paggawa ng mga estruktura noon; talagang matibay. Sinasabing 'yan ay *built on floating foundations*. Hindi ako arkitekto pero ang intindi ko n'yan, buo ang pagkibo ng building kapag lumindol, kaya walang stress points kung saan siya mababali. Parang earthquake proof na sa simula't simula pa. At saka, wala rin namang paglilipatan na lupa ang bagong paaralan kung nagkataon. Wala namang gayong pera ang kolehiyo para bumili ng lupa at magtayo ng panibagong proyekto.

JMBF: Nagbago po ba ang pagtingin ninyo sa Bulwagang San La Salle matapos ninyong makasalamuha ang iba't ibang heritage structure sa ibang bansa, lalo na noong nag-aral kayo sa Europa?

MP: Lalo lang akong humanga siguro, dahil masasabi sigurong world-class 'yang building na 'yan. Tama ang *proportions*, tamang tama sa *classic* o *neoclassic style* ng gusali, kapara noong mga nasa Paris, Roma, Madrid, London, at iba pang tanyag na lungsod at mga sentro ng sibilisasyon, na pawang mga may showcase buildings mula sa classic at neo-classic period.

JMBF: Ano na po ba ang kasalukuyan ninyong impresyon sa Bulwagang San La Salle?

MP: Sa wakas, masinsinan na yata sa pagpapaganda at pagbabalik ng karilagan ng Bulwagan ng mga kinauukulan. Gumanda nung inalis ang mezzanine offices—sa totoo lang, napaka-functional ng mga iyon, pero nawala yung *classic high ceiling look*. At yung sense ng pagkamaaliwalas, hindi siksikan na parang pabrika. Sa Europa, maraming "*facade architecture*" kung tawagin, sa restoration ng mga lumang building, sinisikap nilang halos buo ang pagka-sinaunang fachada o harapan ng gusali, kahit modernong moderno, na may latest educational equipment, ang panloob. Parang doon yata tayo ngayon patungo. Dumating ang panahon na kinailangan ang mga facilities ng Gaerlan Conservatory—kaya siguro doon itinayo yung

sa bukana. Pero sa ngayon, maaari nang sa ibang gusali iyon, kaya siguro nagiba na upang magbigay-daan sa pagbabalik ng fachada ng La Salle.

JMBF: Sa palagay po ninyo, sino-sino sa mga La Salle Brother noon at ngayon ang mga pinakamarubdod na tagapagsulong para sa preserbasyon at konserbasyon ng Bulwagang San La Salle?

MP: Walang dudang una sa lahat si Br. Andrew Gonzalez, FSC. Ang pananaw niya kasi sa pagpapaganda ng lungsod ng Maynila, ay panatilihin o ibalik sa dating ganda ang mga neoclassic na gusali hangga't maaari. At una sa lahat, ang Bulwagang San La Salle. Naisip pa nga niya na ang kasalukuyang Yuchengco Building, ay magkakaisa pang kakambal, sa gawing kaliwa nito kung nakaharap ka sa gusali. Bale parang twin buildings na gawa sa neoclassic style. At magbabalanse, "*formal balance*", na classic idea rin, kung tatayuan nga nung isa pa sa kasalukuyang tinatayuan ng Bulwagang Brother Connon. Hindi na ito natuloy. Kasali sa kaniyang inasam-asam ay ang ibalik ang mga gusaling klasiko sa Taft Avenue mula La Salle pahilaga at sa pagtawid ng Ilog Pasig. Ibig sabihin, sa kaniya, sana mapanatili ang mga gusali ng St. Scholastica, Philippine Women's University, Philippine Normal University, hanggang City Hall, Post Office, at iyong mga gusali sa Agrifina Circle. Ito ay isang mukha ng Maynila—*neoclassic period* sa mga unang dekada ng siglo 20. Patungo sa Escolta, Binondo, at Chinatown—na sa kaniyang pananaw, ay mapapaganda ulit; isa na namang mukha ng Maynila. Isa pa ang Intramuros—iba namang project iyon, winika niya.

JMBF: Sa kabuuan, ipinagmamalaki po ba ng mga La Salle Brother ang Bulwagang San La Salle ngayon?

MP: Iconic 'yan e, kaya natural na ipagmalaki ng mga Brothers at lahat ng Lasalyano 'yan. Parang national treasure na yung building, dahil din simbolo ng mga libo-libong graduate niyan, na nagpamalas ng kanilang pagka-Lasalyano at may naitulong sa pagpapaunlad ng bansa. Para sa Brothers, diyan din ang kauna-unahang bahay o community—yung sa gitnang-gitna ng ikalawang palapag, at sa isang dako ng kasaysayan, naging *nerve center* ng buong distrito ng Pilipinas 'yan at *one time* kung tawagin. Mula 1921 hanggang 1952, o sa 30 years (hangga't itinayo ang La

Salle-Bacolod), iyan lang ang La Salle sa buong Pilipinas. (Meron din noon sa Baguio, pero kung trabaho ang pag-uusapan, talagang panulukang-bato 'yang La Salle Taft, at ang sentro dito, ang Brothers' Community sa Bulwagang La Salle). At may mga napatay na tao d'yan sa panahon ng Hapones, kasama ang buong Brothers' community.

JMBF: Ano po kaya ang long term vision ng mga La Salle Brother para sa nasabing bulwagan?

MP: Noong patapos ang dekada ng 60s, ibinigay ng Brothers ang pag-aari ng mga school sa corporations ng bawat school. Mula sa corporation sole, naging mga *non-stock, non-profit corporation* ang mga La Salle schools. So ang mga desisyon na ganyan, nasa Boards of Trustees ng mga schools. Subalit natural lamang kung umasa ang mga Brothers na mamahalin din nila at pangangalagaan ang mga pamana, una sa lahat, 'yang Bulwagang San La Salle. Sana tumagal ng 500 taon o mahigit pa, subalit walang makapagsasabi niyan e. Ang mga kaapu-apuhan na natin siguro ang magdedesisyon ng ganyan.

JMBF: May tsansa po kaya na darating ang isang cohort ng mga bagong La Salle Brother na mag-iisip na tibagin ang Bulwagang San La Salle?

MP: Parang malayo 'yon. Hindi ko sasabihing imposible, pero siguro mga daang taon pa ang bibilangin. 'Yon din siguro ang pag-asa ko. Kahit wala na tayo, andiyan pa rin ang isang bantayog at simbolo ng pinanindigan natin mula 1921, para sa kabataan, at para sa bayan.

JMBF: Napag-usapan po ba ng mga La Salle Brother na isusulong ang pagiging national treasure ng nasabing bulwagan?

MP: Hindi ko naririnig kung pinag-uusapan nila, pero napakagandang ideya niyan. At malamang na sasang-ayon sila, kung sila ang tatanungin. Ang desisyon ay nasa Board of Trustees. Ngunit sa pangkalahatan, kailangan pa marahil ng Pilipino ng kamalayan at pag-unawa sa nilalayon na "national cultural heritage" at ang pagtataguyod ng mga "national treasures" nito. Ang ipaglaban ang output ng kanilang culture, at ang preservation nito. Ang dami nang nasirang gusali dahil sa kakulangang ito, katulad halimbawa ng Jai-Alai building sa Taft Avenue. Sabi nga, "Ang hindi marunong lumingon sa pinanggalingan, hindi makararating sa paroroonan."

JMBF: May gusto pa po ba kayong sabihin?

MP: Isang magandang halimbawa ng paglayon ng paghuhubog ng pagkatao at pagkamakatao ng isang tao ang pagkalinga sa Bulwagang San La Salle. Hungkag ang paghuhubog at lahat ng pag-aaral, kung ang puso'y hindi maturuang umibig at ipanindigan yaong mga pag-ibig, halimbawa, ng Sariling Atin. Ang paghuhubog ng pambansang kamalayan sa pamamagitan ng pagiging aktibo sa pagtaguyod ng yamang-kultural, tulad halimbawa, ang panindigan at ipaglaban ang mga gusaling mayaman sa kahulugan at kasaysayan, gaya ng Bulwagang San La Salle, ay tungo sa buong Paghuhubog ng isang Tao, at wala itong ibang hahantungan kundi ang Kabutihan at ang Kaganapan/Kagampan ng Pagka-Tao, na sa aking pananaw, ay akma at alinsunod sa Pangarap ng Diyos para sa Lahat.

JMBF: Maraming Salamat po, Br. Pajarillo.

Pagbubuod

Mula sa pakikipanayam kay Dr. Jimenez, may limang mahalagang puntos ang nakita ng mga may-akda kaugnay sa ilan sa mga layunin ng papel na ito, ang pag-unawa sa kasaysayan at kabuluhan ng Bulwagang San La Salle. Una, mas nakilala natin ang arkitektong nagdisenyo ng bulwagang ito, si Mapua. Napag-alaman natin na ilan sa kaniyang mga pamanang naiwan sa Kalakhang Maynila at bansa ay ginawa niya bilang pagtupad sa kaniyang obligasyong maglingkod sa bansa bilang isang pensiyonado. Pangalawa, naintindihan natin kumbakit neoklasiko ang naging kabuuang disenyo ng nasabing bulwagan. Dahil ito sa sirkumstansiyang neoklasisismo ang umiiral na estilong arkitektural doon sa Estados Unidos noong isang mag-aaral pa lamang doon si Mapua. Dahil din ito sa kaniyang obligasyon na maglingkod sa pamahalaang kolonyal kung saan nahasa pa siya sa estilong neoklasiko dahil ito rin ang arkitekturang ipinapalaganap ng Amerikanong kolonyalismo.

Pangatlo, naunawaan natin na ang partikular na uri na neoklasisismong ipinamalas ni Mapua sa Bulwagang San La Salle ay ang neoklasisismong binahiran ng mga prinsipyo ng Iskuwelang Beaux Arts. Dahil ito sa sirkumstansiyang ito ang partikular na uri ng neoklasisismong umiiral noon sa Estados Unidos habang nag-aaral pa lamang siya. Dahil

din ito sa kaniyang pangkasangkot sa malawak at pangkalahatang plano ni Burnham para sa Lungsod ng Maynila na noon ay itinataguyod ng arkitektong si William Parsons (1872 – 1939). Si Burnham ay isa sa mga nangungunang representante ng estilong Beaux Arts sa Estados Unidos, habang si Parsons naman, na kaniyang personal na piniling tagapagpatupad ng kaniyang mga plano dito sa bansa, ay talagang nakapag-aral sa Iskuwelang Beaux Arts sa Paris.

Pang-apat, ipinaliwanag ni Dr. Jimenez na ang neoklasisismong ipinairal ni Jefferson, na kilala rin bilang neoklasisismong Federal at nakabatay sa mga prinsipyo ni Palladio, ay iba sa uri ng neoklasisismong ginamit ni Mapua na may bahid ng estilong Beaux Arts. Sa Estados Unidos, ang neoklasisismong may bahid ng estilong Beaux Arts ay umusbong doon na sa bandang huling parte ng muling pag-iral ng neoklasisismo na mas naka-ugat sa mga Griyego kaysa mga Romano. Ngunit kahit magkakaiba ang neoklasisismo nina Jefferson at Mapua, kasama na sina Burnham at Parsons, may estilistikong ugnayan ang kanilang mga neoklasisismo bilang ariktectura ng Federal na pamahalaan ng Estados Unidos at ng imperyalismo nito.

Panglima, inungkat ni Dr. Jimenez na may tatlong historikal na significance ang Bulwagang San La Salle: ang pagiging icon nito sa pagpapatuloy ng Katolikong edukasyon sa Pilipinas sa gitna ng lumalaganap na Amerikanong Protestantismo, at gamit ang Amerikano/Europeanong Katolikong edukasyon; ang kaugnayan nito sa mga pangyayari noong Pangalawang Pandaigdigang Digmaan; at ang pagiging representante nito sa nagbabagong arkitektura at teknolohiya sa konstruksiyon na dala ng kolonisasyong Amerikano.

Mula naman sa pakikipanayam kay G. Calleja, may pitong mahalagang puntos na nakita ang mga may-akda kaugnay sa isa sa mga layunin ng papel na ito, ang pag-unawa sa estado at direksiyon ng konserbasyon at restorasyon ng Bulwagang San La Salle. Una, sumailalim na sa structural retrofitting ang nasabing bulwagan, kung saan pinatibay, gamit ang carbon fiber, ang mga poste nito. Ibig sabihin nito, kahit mag-iisang daang taon na ang gusali, matatag pa rin ang estruktural na aspekto nito. Pangalawa, ang konserbasyon at restorasyon ng parehong bulwagan ay kasama sa isang campus development plan na paulit-ulit pinag-aaralan kabilang ang ilang kilalang eksperto sa mga larangan ng arkitektura at konserbasyon ng mga pamanang estruktura.

Pangatlo, ang pagtibag sa Konserbatoryong Marilen Gaerlan ay kasama rin sa nasabing campus development plan. Isa itong mahirap na desisyong ginawa ng Pamatasan De La Salle para sa restorasyon ng fachada ng Bulwagang San La Salle at sa restorasyon ng espasyo at driveway sa harap nito. Pang-apat, interesante ang trabaho ni G. Calleja sa nasabing bulwagan, dahil may mga direkta at first hand information siya sa mga nare-diskubre ng mga conservation worker habang ginagawa ang konserbasyon at restorasyon. Kailangan niyang gawan ng research ang mga bagay-bagay na ito para makamtan ang mga tamang desisyon kaugnay sa nasabing konserbasyon at restorasyon.

Panglima, inihayag ni G. Calleja ang dalawang pinakamahirap na aspekto sa konserbasyon at restorasyon ng Bulwagang San La Salle ay ang tanong kung paano isasagawa ang mga ito sa isang gusaling walang tigil na ginagamit, at ang usapin sa paglalaan ng Pamantasan ng sapat na pondo para sa mga gawaing ito. Pang-anim, sinabi ni G. Calleja na bukod sa pangkalahatang campus development plan, may nililikha ang pamantasan na mas tiyak na mga pamantayan para sa konserbasyon at restorasyon ng nasabing bulwagan, at ang mga pamantayang ito ay nakabatay sa mga pamantayan ng ICOMOS. Ginagawa pa lamang ang mga pamantayang ito para sa Bulwagang San La Salle. Sa oras na gawa na ang mga ito, ang mga ito ang sasagot sa isa sa mga layunin ng papel na ito, ang pag-unawa sa direksiyon ng konserbasyon at restorasyon ng parehong bulwagan. Pampito, alam ng pamantasan na ikinatutuwa ng mga Lasallista ang ginawang konserbasyon at restorasyon ng nasabing bulwagan.

Mula sa pakikipanayam kay Dr. Zerrudo, may 10 mahalagang puntos na nakita ang mga may-akda kaugnay sa ilan sa mga layunin ng papel na ito, ang pag-unawa sa kalagayan at direksiyon ng konserbasyon at restorasyon ng nasabing pamanang estruktura. Mahalaga ang mga obserbasyon at mungkahi ni Dr. Zerrudo dahil ang punto de bista niya ay bilang isang outsider pero dalubhasa sa larangan ng konserbasyon at restorasyon. Hindi ibig sabihin na hindi mahalaga ang mga punto de bista bilang mga insider nina Dr. Jimenez at G. Calleja. Kailangan ng papel na ito na tingnan ang Bulwagang San La Salle sa iba't ibang punto de bista para lalo nating maunawaan ito. Una, ikinatutuwa ni Dr. Zerrudo ang kasalukuyang ginagawang konserbasyon at restorasyon sa Bulwagang San La Salle. Pangalawa, binigyang diin ni Dr. Zerrudo ang pangangailangan

para sa malalalim na pananaliksik para mauunawaan ang iba't ibang significance at value ng nasabing pamanang estruktura.

Pangatlo, nagbabala si Dr. Zerrudo na ang iba't ibang significance at value na ito ay maaaring magsasalungat at magsasalpukan. Kaya lalong kailangan ang pananaliksik para mababalanse ang mga ito kung alin sa kanila ang dapat mapatingkad sa mga gagawing konserbasyon at restorasyon. Pang-apat, binanggit ni Dr. Zerrudo na ang educational function ng Bulwagang San La Salle ay ang mahalagang significance at value ng nasabing bulwagan, at matingkad ito noon hanggang ngayon. Panglima, binigyang diin ni Zerrudo na kung ihahambing ang Bulwagang San La Salle sa dating Lasallianong gusali ng Saint Joseph Institute na ngayon ay ang pangunahing gusali na ng Singapore Art Museum, mataas daw ang conservation status ng naunang nabanggit na gusali. Dahil ito sa katotohanang compatible use ang umiiral sa Bulwagang San La Salle, habang adaptive reuse ang umiiral sa gusali ng Singapore Art Museum.

Pang-anim, ibinunyag ni Dr. Zerrudo na may taglay na potensiyal na maging rare at rare pa ang Bulwagang San La Salle, dahil sa antas ng konserbasyon nito ngayon at sa tuloy-tuloy na pagtibag ng mga pamanang estruktura sa paligid nito. Pampito, ipinaliwanag ni Dr. Zerrudo na ang pinaka-ugat ng konserbasyon at restorasyon ay hindi ang mga pananaliksik at teknolohiya ng mga eksperto sa mga larangang ito, kundi ang puso ng mga may-ari na patuloy magmamahal sa isang pamanang estruktura. Kung wala ito, mahirap isalba ang isang pamanang estruktura. Kahit alam natin na mahal ng mga Lasallian Brother ang Bulwagang San La Salle, may banta pa rin na baka darating ang panahon na may mga bagong Lasallian Brother na wala nang puso para sa nasabing bulwagan. Pangwalo, binigyang diin ni Dr. Zerrudo na kailangang ipalaganap ng pamantasan ang kamalayang ang Bulwagang San La Salle ay hindi lamang isang Lasallistang pamanang estruktura, kundi isang Pilipinong pamanang estruktura.

Pangsiyam, inilatag ni Dr. Zerrudo ang mga pro at con para sa ilan pang potensiyal ng parehong bulwagan para opisyal na maideklarang isang heritage building o hindi kaya bilang isang national cultural treasure. Dapat alam natin na ang kasalukuyang historical marker na nariyan malapit sa South Gate ng pamantasan, na ibinigay ng National Historical Commission of the Philippines noong 2012, ay isang marker lamang para

sa isang makasaysayang institusyon o organisasyon, at hindi isang marker na nagsasabi na isa ngang heritage building ang Bulwagang San La Salle. Dapat pag-isipan nang husto ng pamantasan kung isusulong ba nito na maging isang opisyal at deklaradong heritage building ang nasabing bulwagan. Ang pagiging isang national cultural treasure ay isang mas mataas pa na antas na lalong dapat pag-isipan nang husto ng pamantasan kung talaga bang gugustuhin nito ang nasabing karangalan para sa parehong bulwagan. Pangsampu, binanggit ni Dr. Zerrudo na tila hindi pa nagamit na potensiyal ng pamantasan para sa konserbasyon at restorasyon ng Bulwagang San La Salle, ang sarili nitong mga dalubhasa sa larangan ng disaster risk assessment at engineering.

Huli sa lahat, mula naman sa pakikipanayam kay Br. Pajarillo, may apat na mahahalagang puntos na nakuha ang mga may-akda kaugnay sa isa sa mga layunin ng papel na ito, ang pag-unawa sa perspektiba ng samahan ng La Salle Brothers sa Bulwagang San La Salle. Una, napagdesisyonan ng La Salle Brothers matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig na huwag gibain ang Bulwagan bagaman napinsala ito noon. Aniya'y matibay ang pundasyon ng gusali ng bulwagan dahil dinisenyo din itong maging earthquake proof at tumagal ng mahabang panahon. Praktikal din ang dahilan ng mga Lasallian Brother sapagkat, maliban sa mas malaki ang gastusin sa pagtitibag kaysa pag-aayos, wala rin aniyang malilipatang panibagong lupa ang mga Lasallian Brother upang magtatag ng pamantasan. Malaki rin ang ibinibigay na halaga ng mga Lasallian Brother sa Bulwagang San La Salle dahil sa mahusay na arkitektura at inhinyeriya nito, lalo't ikinukumpara din ni Br. Pajarillo sa mga gusali at pamanang estruktura (partikular ang mga may neoklasikong arkitektura) sa Europa.

Ikalawa, dagdag pa ni Br. Pajarillo, si Brother Andrew Gonzalez, sa mga Lasallian Brother, ang pinakamarubdob na tagapagsulong sa preserbasyon at pagpapaganda ng Bulwagang San La Salle. Sinabi ni Br. Pajarillo, isa sa mga inaasam-asam ni Br. Andrew Gonzalez, ang pagbalik ng mga neoklasikong arkitektura na nakapalibot sa Taft Avenue, mula sa mga gusali ng St. Scholastica at Pamantasang De La Salle, tungo sa Philippine Women's University, Philippine Normal, at hanggang sa Post Office at patawid ng Ilog Pasig. Malaki ang ibinibigay na importansiya ni Br. Andrew sa mga pamanang estrukturang ito at naniniwala siyang mapapaganda nitong muli ang mukha ng Maynila.

Ikatlo, aniya, malaki ang kahalagahan ng Bulwagang San La Salle bilang pamanang istruktura. Ipinagmamalaki nila ito bilang isang iconic na gusali na sumasagisag sa mga libo-libong Lasalyanong gradweyt ng pamantasan na aniya'y nagpamalas ng kanilang pagka-Lasalyano at nakatulong sa pagpapaunlad ng bansa. Naniniwala rin siya at optimistikong hindi ipatitibag ng mga susunod na henerasyon ng mga La Salle Brothers, o di kaya'y tatagal muna ito ng ilang daang-taon.

Ikaapat, nabanggit ni Br. Pajarillo na bagaman hindi niya nadinig na pinag-uusapan ng mga Lasallian Brother ang pagsusulong sa Bulwagan bilang isang national treasure, naniniwala siyang isa itong magandang ideyang sasang-ayunan pati ng Board of Trustees ng pamantasan. Upang maisulong ito, kailangan munang magkaroon ng kamalayan at pag-unawa ng mga Pilipino sa nilalayong National Cultural Heritage at pagtataguyod ng National Treasures at ang halaga nito sa pagpapakita ng kultura.

Kongklusyon

Nilayon ng papel na ito na mag-alay ng isang parangal para sa Bulwagang San La Salle sa okasyon ng sentenaryo ng pagkalatag ng cornerstone nito. Sana ang papel na ito ay makapag-ambag ng kaalaman tungkol sa kasaysayan, halaga, at kalagayan at direksiyon ng konserbasyon at restorasyon ng nasabing pamanang estruktura sa lahat ng mga stakeholder nito, para lalo nilang maunawaan ang parehong estruktura. Sana ang kaalamang ito ay magsilbi ring hamon sa mga nasabing stakeholder upang lalo pa nilang saliksikin ang kuwento at halaga ng parehong pamanang estruktura. Kung ayon kay Doktor Zerrudo, ang pusong nagmamahal sa isang pamanang estruktura ang pinaka-ugat ng konserbasyon at restorasyon nito, sana ang pagmamahal ng mga pusong ito ay lalo pang mapapayabong sa kaalamang alay ng papel na ito.

SANGGUNIAN

- “Manila Post Office Building Declared an Important Cultural Property.” *Primer: The Expat's Guide to Philippine Lifestyle*. Primer.com.ph. 28 Dis. 2018. Web. 26 Feb. 2020.
- Almario, Virgilio. “Mapua, Tomas”. *Sagisag Kultura vol. 1: Kasaysayan at Bayani*. Ed. Manila: National Commission for Culture and the Arts, 2015. Web. 20 Feb. 2020.
- Calleja, Josemari. Personal Interview. 18 Okt. 2018.
- Celestino, Chryssa, Jose Montinola and Andrea Mendoza. “A La Salle Storey”. *The LaSallian*. De La Salle University, 7 Agosto. 2013. Web. 26 Feb. 2020.
- Irving, Mark. *1001 Buildings You Must See Before You Die: The World's Architectural Masterpieces*. Ed. New York: Universe Publishing, 2007. Web. 26 Feb. 2020.
- Jimenez, Jose Victor. Email Interview. 17 Dis. 2019.
- Jimenez, Jose Victor. *The De La Salle College, 1911-1941: An Institutional History*. M.A. Thesis. Manila: University of Santo Tomas. 1992. Print.
- Ong, Patrick. “St. La Salle Hall, to undergo retrofitting”. *The LaSallian*. De La Salle University, 21 Nov. 2010. Web. 26 Feb. 2020.
- Pajarillo, Manuel, FSC. Email Interview. 15 Hul. 2020.
- Perez, Rodrigo D. *Arkitektura: An Essay on Philippine Architecture*. Pasay City: Sentrong Pangkultura ng Pilipinas, 1990. Print.
- Quirino, Carlos. *La Salle: 1911–1986*. Makati: Filipinas Foundation, 1986. Print.
- Rubio, Paulo. “De La Salle University St. La Salle Hall.” *Arquitectura Manila*. Blogger.com, 6 Nov. 2014. Web. 26 Feb. 2020.
- Zerrudo, Eric. Personal Interview. 24 Enero 2020.